# ANO ANG ANYO NG PANG-AABUSO SA AUSTRALIAN FOOTBALL?

Maaaring iba ang anyo at pakiramdam ng pang-aabuso para sa iba't ibang tao. Mayroong iba't ibang mga uri ng pang-aabuso, nangyayari ito sa iba't ibang mga kapaligiran at iba't ibang mga tao ang naaapektuhan. Ang ilang mga paraan at lugar na maaaring pangyarihan ng pang-aabuso sa football ay kinabibilangan ng:

- habang nasa football – sa pagsasanay, bago, habang o pagkatapos ng mga laro, o sa mga event (kaganapan) sa club
- naglalakbay patungo sa football - sa isang kotse, o bus
- habang nasa mga kampo, karnabal o magdamagang mga paglalakbay para sa larong football
- mula sa mga gilid (sidelines).

Maaari itong mangyari sa pagitan ng dalawa o mas marami pang tao kabilang ang:

- isang bata sa isang bata
- isang kabataan sa isang kabataan
- isang kabataan sa isang kabataan
- isang taong nasa hustong gulang at sa isang bata
- isang taong nasa hustong gulang at sa isang kabataan.

Bukod pa rito, maaaring makaranas ng pang-aabuso ang isang bata o kabataan sa ibang lugar, pero komportable siyang sabihin ito sa isang taong pinagkakatiwalaan niya sa kaniyang club, o nakikitaan siya ng mga palantandaan ng pang-aabuso ng isang tao sa kaniyang club.

## MGA KAHULUGAN

**Ang Bata:** ay isang taong kasama sa footy na 12 taong gulang o mas bata - kadalasan ay isang manlalaro ngunit maaari ring kapatid ng isang manlalaro o anak ng isang nasa hustong gulang sa club.

**Ang Kabataan:** ay isang taong kasama sa footy na nasa pagitan ng edad na 13 at 18 taong gulang – karaniwan ay isang manlalaro ngunit maaari ring isang reperi (umpire) o may ibang tungkulin sa club, o isang kapatid o anak ng isang manlalaro.

**Ang taong nasa hustong gulang:** ay isang taong kasama sa footy na mahigit sa 18 taong gulang – ito ay maaaring isang coach, manager, umpire, opisyal ng club, kawani ng AFL, volunteer, at/o isang magulang.

## MGA URI NG PANG-AABUSO

### 1 PISIKAL NA PANG-AABUSO

Anumang kilos na gumagamit ng pisikal na puwersa na nakakasakit sa isang bata o kabataan. Kabilang dito ang panghahampas, pambubugbog, pagsipa, pag-alog, pagkagat, pagsakal, pagpapaso, pagsunog, paglason, pagpigil para hindi makahinga.

### 2 SEKSWAL NA PANG-AABUSO

Anumang ikinikilos na sekswal, o nagpapadama sa isang bata o kabataan na maging hindi komportable, binabantaan o tinatakot, o labag sa batas. Kabilang dito ang pisikal na paghipo at pakikipag-usap tungkol sa mga sekswal at pribadong bagay nang harapan o online, o pagpapakita sa isang tao ng mga video o larawan na sekswal o pangpribado, o paghiling sa isang tao na magpadala ng pangpribado o sekswal na mga video sa ibang tao.

### 3 GROOMING

Kabilang dito ang pagkilos ng isang taong nasa hustong gulang sa paraang kinukursunada ang isang bata o kabataan, pagkakaroon ng tiyempong silang dalawa lang ng isang bata o kabataan, at/o naghahanap ng mga paraan para solong makasama ang isang bata o kabataan nang malayo sa ibang mga taong nasa hustong gulang. Maaaring sa pakiramdam mo ay normal lang ito at maaaring hindi dahilan para maging hindi komportable ang isang bata o kabataan, pero hindi ito nangyayari sa iba.

### 4 EMOSYONAL NA PANG-AABUSO

Ang paggamit ng mga salita o mga kilos na maaaring magdulot ng sama ng loob, kalungkutan, pagkapahiya, napag-iiwanan, pag-aalala, pagkalito, pagkapahiya, pagkabalisa o pagbabanta sa isang bata o kabataan.

### 5 KAPABAYAAN

Kapag ang isang taong nasa hustong gulang ay hindi nagbibigay sa isang bata o kabataan ng mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, tubig, tirahan, angkop na damit, pangangasiwa, edukasyon at mga serbisyong pangkalusugan.

## 6 PANG-AAPI

Ang pambu-bully ay ang hindi naaangkop na paggamit ng kapangyarihan ng isang tao o ng maraming tao laban sa isang taong hindi gaanong makapangyarihan at sa pangkalahatan ay isang kilos na paulit-ulit na nangyayari sa mahabang panahon. Maaaring kabilang sa pambu-bully ang:

- pasalita (pagbabansag, panlalait, pagbabanta)
- pisikal (paghampas, pagsuntok, pagsipa, pagkamot, pagtisod, pagdura)
- sosyal (binabalewala, hindi isinasali, iniiwasan)
- sikolohikal (pagkakalat ng mga tsismis, paniniktik, pagtingin nang masama, pagtatago o paninira ng mga ari-arian).

## MGA HALIMBAWA SA FOOTY

- Isang coach na nagpapadala ng mga personal na mensahe sa WhatsApp sa hating-gabi sa mga manlalaro sa kaniyang team na 13 taong gulang.
- Ang manager na laging pinag-iinitan ang isang manlalaro sa harap ng iba pang miyembro ng team at nagkokomento na kulang ang kaniyang galing para mapabilang sa team at dapat ay naglalaro ito sa mas mababang baitang.
- Ang U21 captain na nagsabi sa 17 taong gulang na baguhang manlalaro na kailangan siyang 'binyagan' sa team at hinihikayat ang iba pang mga manlalaro na 'gulpihin siya' pagkatapos ng pagsasanay.
- Isang magulang na tumutulong sa isang pagbibiyahe sa ibang estado at sa tingin niya ay cool ang magpalabas ng porno sa hotel pagkatapos ng laro para sa mga miyembro ng team na 13 taong gulang.
- Isang manlalaro na 18 taong gulang na nagbabahagi ng mga hubad na larawan ng kanyang kasintahan sa kanyang mga ka-teammate.
- Ang isang bata ay hinihipo nang hindi dapat ng isang coordinator o katulong na magulang kapag tinuturuan kung paano gawin ang isang skill (kasanayan).

## MGA PAG-UUGALI NG ISANG BATA O KABATAAN NA MAAARI MONG IPAG-ALALA

- lumalayo, hindi karaniwang pananahimik o pagliban
- marahas at agresibo
- ayaw umuwi ng bahay o ayaw pumunta sa footy club
- may mga pasa o iba pang mga sugat
- nag-aatubiling lumahok / maiwang mag-isa kasama ang isang partikular na taong nasa hustong gulang
- gumugugol ng mas maraming oras sa isang taong may sapat na gulang kaysa sa iba habang nasa anumang aktibidad ng football, maging ito man ay sa isang laro o pagsasanay.

## ANO ANG MAAARING IPAHIWATIG SA IYO NG MGA PAG-UUGALING GANITO

Siya ay:

- Nakakaranas ng pang-aabuso o pagpapabaya mula sa isang tao sa kaniyang football circle.
- Nakakaranas ng pambu-bully o panggugulo sa football club.
- Nakakaranas ng pang-aabuso o kapabayaan sa bahay o sa ibang lugar tulad ng paaralan.
- Nangangailangan ng suporta sa kalusugan ng katawan o pag-iisip.
- Nahihirapang lumahok dahil sa pakiramdam na hindi siya ligtas sa kultura, hindi kabilang sa lipunan, may kahirapan sa pagkatuto o may kapansanan.

## MGA PAG-UUGALI NG IBANG MGA TAONG NASA HUSTONG GULANG SA FOOTBALL NA MAAARI MONG IPAG-ALALA

- Pagiging malihim o paghiling sa mga batang atleta na magtago ng mga sikreto.
- Pinipili ang ilang manlalaro – pinapaboran ang ilang bata o mga kabataan.
- Nag-aalok ng tulong na higit pa kaysa karaniwan – paghahatid sa bahay, solo-solong pag-coach.
- Pag-kontak sa mga batang atleta tungkol sa mga bagay na walang kinalaman sa football.
- Kinakaibigan ang mga magulang, gumagawa ng mga pagkakataon para mas madalas makasama ang isang partikular na bata o kabataan - nang nag-iisa o kasama ang pamilya.
- Pagbabalewala o pagwawalang-bahala sa mga simpleng tuntunin o mga inaasahan, maluwag na mga patakaran.
- Mga sekswal na biro, pagtatanong tungkol sa mga relasyon o pagpapakita ng mga pribadong larawan.
- Gumagawa ng mga sitwasyon kung saan kailangan ang pisikal na paghipo, na hindi ginagawa sa normal na contact sa football.

# PAANO MO MALALAMAN ANG TUNGKOL SA MGA PAG-AALALA SA KALIGTASAN

### MGA PAGBUBUNYAG

Kapag sinabi sa iyo ng isang bata o kabataan ang tungkol sa isang insidenteng nangyari sa **kaniya** o kung saan **siya** ay direktang nasangkot.

**Sinasabi sa iyo ang kaniyang pag-aalala.**

### MGA PARATANG

Kapag ang isang bata, kabataan, o sinumang tao ay nagsabi sa iyo tungkol sa isang insidente na nangyari sa **ibang tao** o kaya may ibang taong direktang kasangkot dito.

**Sinasabi sa iyo ang kaniyang pag-aalala.**

### MGA PAGHIHINALA

Kung mayroon kang dahilan para maghinala na may insidente ng pang-aabuso sa isang bata o kabataan, batay sa mga obserbasyon, pakiwari o pananaw, mga pag-uugali at mga palatandaan.

**Nagkakaroon ka ng pag-aalala.**

## PAANO ANG MAAARING PAGKAKASABI NITO?

**Sinabi ng iba pang tao:**

"Kailangan kong sabihin sa iyo ang tungkol sa isang bagay na nangyari sa akin"

"Nangyari din sa akin 'yan"

"May gumawa sa akin ng isang bagay na hindi ko nagustuhan"

"Nagawa ko ang isang bagay na hindi ko dapat ginawa"

**Sinabi ng iba pang tao:**

"Nag-aalala ako sa kaibigan ko, sinabi niya sa akin na may nangyari sa kanya"

"Nakita kong may ginawa ang taong iyon sa kaibigan ko"

"Ang mga taong iyon ay gumagawa ng bagay na nakakailang sa akin"

**Sinasabi mo sa iyong sarili:**

"Hindi tama ang pakiramdam ko sa ganitong sitwasyon."

"Naiilang talaga ako sa taong iyon"

"Napansin kong nagbago ang ugali niya kamakailan; parang wala siya sa sarili"

"Hindi ko gusto ang paraan ng pakikitungo ng taong iyon sa kanya"

## MAGSALITA KA

Kahit na hindi mo direktang nakausap ang isang bata o kabataan, pero **NAGHIHINALA** ka na may bagay na hindi tama, mahalagang magsalita ka.

**Maaari mong:**

Direktang makipag-usap sa isang taong pinagkakatiwalaan mo sa football tulad ng isang coach, manager ng team, umpire, opisyal o kinatawan ng club.

Isulat ang iyong mga alalahanin at ipasa ang mga ito sa iyong club o samahan sa pamamagitan ng email o liham.

Gamitin ang QR code na ito para maipaalam ang iyong alalahanin sa AFL.

**Para sa anumang mga tanong tungkol sa safeguarding (pag-iingat), mag-email sa childsafety@afl.com.au**

**Gaya ng karaniwang ginagawa, kung mayroong sinumang nasa panganib, kontakin ang pulisya sa 000**

**Tandaan - Hindi mo kailangan ng patunay, kailangan mo lang ng 'makatwirang paniniwala', na malamang na may nangyayari.**